7

# Lingguhang Aralin sa Values Education

Kuwarter 1

Linggo 6

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

ONE NCR STRONGER TOGETHER
BAGONG PILIPINAS
MATATAG

**Gawaing Pampagkatuto sa Values Education**
**Kuwarter 1: Linggo 6**

Ang materyal na ito ay gagamitin lamang para sa pagtuturo ng mga guro at pagkatuto ng mga mag-aaral sa MATATAG K to 10 Kurikulum. Layunin nitong maging batayan sa paghahatid ng mga nilalaman, pamantayan, at kasanayang pampagkatuto ng kurikulum. Ipinagbabawal ang anumang hindi awtorisadong pagkopya, pagrebisa, paggamit o pagbahagi ng materyal na ito. Anumang paglabag o hindi pagsunod sa itinakdang saklaw ay maaaring magresulta sa kaparusahan alinsunod sa legal na hakbang.

Ang ilan sa mga akdang ginamit sa materyal na ito ay orihinal. Pinagsumikapan ng mga bumuo ng materyal na makuha ang pahintulot ng mga manunulat sa paggamit ng iba pang akda at hindi inaangkin ang karapatang-ari ng mga ito.

Tiniyak din ang kawastuhan ng mga impormasyong nasa materyal na ito. Para sa mga katanungan o puna, maaaring sumangguni sa Tanggapan ng Direktor ng Kagawaran ng Eduaksyon – NCR sa pamamagitan ng pagtawag sa mga numerong (02) 85229412 o pagpapadala ng email sa ncr@deped.gov.ph.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Patnugot: Sara Z. Duterte
Ikalawang Patnugot: Gina O. Gonong

**Bumuo ng Materyal**

**Manunulat:** Josephine G. San Gabriel
**Content Reviewer:** Edita T. Olan
**Tagaguhit:** Jeewel L. Cabriga
**Tagalapat:** Allan E. Medenilla, Michael James S. Boado, Patricia Ulynne F. Garvida
**Enhanced by:** Victoria R. Landicho
**External Content Validators:** Nenita A. Sioson, Prudencia Martinez
**External Language Validators:** Corazon G. Are

**Namahala sa Pagbuo ng Materyal**

**JOCELYN DR ANDAYA** *CESO IV*, Regional Director
**CRISTITO A. ECO** *CESO III*, Assistant Regional Director
**MICAH G. PACHECO**, OIC Chief Education Program Supervisor
**ROLAND D. MONTES**, Regional GMRC/VE Education Program Supervisor
**DENNIS M. MENDOZA**, Regional LR Education Program Supervisor

| MATATAG Kto10 Kurikulum<br>Lingguhang Aralin | Paaralan: | | Baitang: | |
|---|---|---|---|---|
| | Pangalan ng Guro: | | Asignatura: | |
| | Petsa at Oras ng Pagtuturo: | | Kuwarter: | |

| | UNANG ARAW | IKALAWANG ARAW | IKATLONG ARAW | IKAAPAT NA ARAW |
|---|---|---|---|---|
| **I. NILALAMAN, MGA PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYANG PAMPAGKATUTO NG KURIKULUM** | | | | |
| *A. Pamantayang Pangnilalaman* | Nauunawaan ng mag-aaral ang iba't ibang pamamaraan ng pansariling pagtugon sa panahon ng kalamidad | | | |
| *B. Pamantayan sa Pagganap* | Naisasagawa ng mag-aaral ang mga wastong pamamaraan ng pansariling pagtugon sa panahon ng kalamidad upang maging handa. | | | |
| *C. Lilinanging Pagpapahalaga* | Kahandaan (Preparedness) | | | |
| *D. Mga Kasanayang Pampagkatuto* | a. Nakapagsasanay sa kahandaan sa pamamagitan ng paghahanda ng emergency kit o katumbas nito batay sa sariling kakayahan.<br>b. Naipapaliwanag ang kahulugan ang kalamidad.<br>c. Natutukoy at naipaliliwanag ang karaniwang mga kalamidad sa Pilipinas at ang mga sanhi nito. | a. Nakakikilala ng mga wastong pagtugon sa iba't ibang uri ng kalamidad.<br>b. Natutukoy ang mga epekto ng kalamidad sa tao, kalikasan, at ekonomiya.<br>c. Natutukoy at naipaliliwanag ang wastong mga pagtugon bago, habang, at pagkatapos ng kalamidad | a. Naipaliliwanag na ang pansariling pagtugon sa panahon ng kalamidad ay paraan upang mailigtas ang buhay.<br>b. Naipaliliwanag kung paano malinang ang kahandaan sa pagharap sa mga panganib at mabawasan ang posibleng pagdurusa ng tao.<br>c. Naipaliliwanag ang pagtulong sa kaligtasan ng kapwa alinsunod sa mga alituntunin ng mga awtoridad | a. Nailalapat ang mga pansariling pagtugon sa panahon ng kalamidad sa pamamagitan ng pagsasanay sa iba't ibang sitwasyon.<br>b. Naisasagawa ang mga pansariling pagtugon sa panahon ng kalamidad sa pamamagitan ng simulation at role play.<br>c. Natataya ang mga natutuhan sa aralin. |
| *E. Mga Layunin* | | | Naipaliliwanag na ang pansariling pagtugon sa panahon ng kalamidad ay paraan upang: | |



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | | a. mailigtas ang buhay<br>b. malinang ang kahandaan sa pagharap sa mga panganib<br>c. mabawasan ang posibleng pagdurusa ng tao<br>d. makatulong sa kaligtasan ng kapuwa alinsunod sa mga alituntunin ng mga awtoridad. | |
| *F. Disensyong Instruksyunal* | Integrative | | | |
| *G. 21st Century Skills* | Collaboration | | | |
| **II. NILALAMAN/PAKSA** | **Pansariling Pagtugon sa Panahon ng Kalamidad** | | | |
| **III. MGA KAGAMITANG PANTURO AT PAMPAGKATUTO** | | | | |
| *A. Mga Sanggunian* | | | | |
| *B. Iba pang Kagamitan* | • Lapis o *ballpen*<br>• *Manila paper*<br>• *Marker*<br>• *Masking tape*<br>• *Laptop*<br>• *TV o Projector* | • *Jumbled Words* na nasa *meta strips* o *slide deck*<br>• Mga larawan ng sakuna dulot ng mga kalamidad sa Pilipinas | • Lapis o *ballpen*<br>• *Manila paper*<br>• *Marker*<br>• *Masking tape* | • *Laptop* o *mp3 player*<br>• *Speaker*<br>• *Lyric video* ng"Laging Handa<br>• Lapis, Ballpen<br>• Sagutang papel |
| **IV. MGA PAMARAANG PANTURO AT PAMPAGKATUTO** | | | | |
| **Bago Ituro ang Aralin** | | | | |
| *Panimulang Gawain* | 1. Gamit ang estratehiyang ***4 Pics 1 Word***, mag-uunahan ang mga mag-aaral sa | 1. Hatiin sa dalawang pangkat ang klase.<br>2. Gamit ang estratehiyang | 1. Iwasto ang takdang aralin.<br>2. Tumawag ng mga mag-aaral na | 1. Balikang muli ang *quotation* mula kay John Quinlan: *"Preparedness is the only way we can* |



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | pagtukoy ng hinahanap na salita.<br><br>Panuto: Masdan at suriin ang apat na larawan upang matukoy ang hinahanap na salita.<br>*(Maaaring kumuha ng mga larawan sa internet para sa gawaing ito.)*<br><br>1. B A G Y O<br>2. BAHA<br>3. LINDOL<br>4. LANDSLIDE<br>5. PAGPUTOK NG BULKAN<br><br>2. Tanungin ang mga mag-aaral kung anong tawag sa mga ito (bagyo, baha, | ***Jumbled Words***, mag-uunahan sa pagsagot ang mga mag-aaral ng hinahanap na salita.<br>3. Ang pangkat na may mataas na puntos matapos ang laro ang panalo.<br>4. Magbalik-aral sa pamamagitan ng pagtatanong kung anong kaugnayan ng nabuong salita sa nakaraang talakayan.<br>**Jumbled Words** Panuto: Ayusin ang mga ginulong letra upang mabuo ang hinahanap na salita.<br><br>Easy Round – 1 puntos<br>1. AHAB<br>2. KLIMADADA<br>3. DOLNIL<br>4. YOBAG<br><br>Average Round – 2 puntos<br>5. NUKLAB<br>6. DIDNELSAL<br>7. RUSABA<br>*Difficult Round* – 3 puntos | magbabasa para ibahagi ang kanyang isinulat sa journal.<br>Itanong: "Ano-anong kabutihang dulot ng pagkakaroon ng pansariling paghahanda sa pagharap sa mga kalamidad?" | *combat natural calamities."*<br>2. Tumawag ng ilang mag-aaral upang ipaliwanag ito batay sa nakaraang aralin.<br>3. Tumawag din ng magbabasa para ibahagi ang kaniyang isinulat sa journal.<br>Itanong: "Paano ninyo mailalapat ang inyong mga natutuhan tungkol sa kabutihang dulot ng pagkakaroon ng pansariling paghahanda sa pagharap sa mga kalamidad |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | lindol, *landslide* at pagputok ng bulkan)<br><br>*Inaasahang sagot:*<br>**KALAMIDAD** | 8. IGIMAMAPN<br>9. TEAMILC GACHEN<br>10. BALLOG RINGMAW<br><br>Mga Sagot:<br>1. BAHA<br>2. KALAMIDAD<br>3. LINDOL<br>4. BAGYO<br>5. BULKAN<br>*6. LANDSLIDE*<br>7. BASURA<br>8. PAGMIMINA<br>*9. CLIMATE CHANGE*<br>*10. GLOBAL WARMING*<br><br>Depende sa mga naging sagot ng mga mag-aaral sa kanilang *KaKaSa chart* sa nakaraang araw, maaaring baguhin ang mga bubuoing salita sa *Jumbled Words*. | | |
| *Gawaing Paglalahad ng Layunin ng Aralin* | 1. Mula sa panimulang gawain, ilahad ang mga inaasahan sa aralin ayon sa lebel ng mga mag-aaral.<br>Sabihing:<br>*Sa linggong ito, bibigyang- kahulugan natin ang salitang kalamidad at tutukuyin din natin ang* | 1. Mula sa panimulang gawain ay tayahin ang kahandaan ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng pagandahan ng ngiti. | 1. Mula sa panimulang gawain ay tayahin ang kahandaan ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng lakas ng pagsigaw ng "I am ready!" | 1. Mula sa panimulang gawain ay tayahin ang kahandaan ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng lakas ng pagsigaw ng "I am ready!" |



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | *karaniwang mga kalamidad dito sa Pilipinas at ang mga sanhi nito; tutukuyin din natin ang mga epekto ng kalamidad sa tao, kalikasan at ekonomiya pati ang mga wastong pagtugon bago, Habang, at pagkatapos ng kalamidad at iisa-isahin ninyo ang kailangang mga nilalaman ng emergency kit bilang pansariling paghahanda sa kalamidad.*<br>*Sa dulo ng leksiyon ay inaaasahang mailalalapat ninyo ang inyong mga pansariling pagtugon sa panahon ng kalamidad.*<br><br>2. Sa pamamagitan ng lakas ng palakpak, tayahin ang kahandaan ng mga mag-aaral. | | | |
| *Gawaing Pag-unawa sa mga Susing-Salita/Parirala o Mahahalagang Konsepto* | 1. Ipakumpleto ang *web diagram* upang ipaunawa sa mga mag-aaral ang kahulugan ng | 1. Magkaroon ng malayang talakayan upang ang mga mag-aaral ay maakay tungo sa kaisipang "ang | | |



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| *sa Aralin* | kalamidad.<br>2. Paalalahanan ang mga mag-aaral na ang lahat ng kanilang mga sagot sa kanilang mga indibidwal na gawain ay ilalagay sa isang hiwalay na papel.<br>3. Inaasahang maibibigay ng mga mag-aaral ang kanilang paunang pagkakaalam tungkol sa kalamidad.<br>4. Pagkatapos sumagot, hikayating magbahagi ang ilang mag- aaral.<br>5. Talakayin ang kanilang mga ibinahaging kasagutan at ang kahulugan nito at kadalasang biglaang pinsala at pagkawasak sa tao, kalikasan, at ekonomiya.”<br><br>1. | paghahanda sa kalamidad ay personal na responsibilidad.” Maaaring gamitin ang sumusunod na gabay na mga tanong:<br>• *Anong maaaring gawin ng pamahalaan upang maiwasan o mabawasan ang mga epekto ng kalamidad?*<br><br><u>Inaasahang tugon:</u> *Ang pamahalaan ay kailangang paghandaan ang mga kalamidad sa pamamagitan ng pagkakaroon ng awareness campaign. Pagsasagawa ng mga program para sa pag- iingat sa kalikasan, pagsasaayos ng drainage system, pagsasagawa ng mga emergency drills at pagtatalaga ng mga evacuation centers.*<br><br>• *Anong maaaring gawin ng mga mamamayan upang maiwasan o mabawasan ang mga epekto ng kalamidad?*<br><br>Inaasahang tugon: *Ang mamamayan ay dapat na* | | |


Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | *seryosong makibahagi sa mga programa ng pamahalaan, maging alerto at nakaantabay sa balita upang maisagawa ang anomang anunsyo ng pamahalaan.*<br><br>*Ikaw, bilang mag-aaral, may magagawa ka ba? Magbigay ng mga halimbawa.*<br>Inaasahang tugon:<br>✓ *Pakikilahok sa mga emergency drill na isinasagawa sa paaralan o komunidad.*<br>✓ *Pagkakaroon ng Emergency Go Bag*<br>✓ *At iba pang tulad nito*<br><br>• *Samakatuwid, kaninong responsibilidad ang paghahanda sa kalamidad? Pangatuwiranan.*<br><br>Inaasahang tugon:<br>*Ang paghahanda sa kalamidad ay parehong responsibilidad ng pamahalaan at mamamayan.* | | |
| **Habang Itinuturo ang Aralin** | | | | |
| *Pagbasa/Pag-unawa sa mga Susing Ideya* | 1. Pangkatin ang klase sa limang | 1. Pangkatin ang klase sa limang | 1. Humanap ng *video* ng **"Si Langgam at** | 1. Ipapanood sa mga mag-aaral ang *lyric video* ng |


Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | grupo.<br>2. Ipamahagi sa bawat pangkat ang *task card* upang maging gabay sa kanilang gawain.<br>3. Ipagawa sa bawat pangkat ang *KaKaSa Chart* (Kalamidad – Kahulugan – Sanhi).<br><br>Pangkat 1 – Bagyo<br>Pangkat 2 – Baha Pangkat 3 – *Landslide*<br>Pangkat 4 – Pagputok ng Bulkan<br>Pangkat 5 – Lindol<br><br>**Takdang Oras:**<br>Paghahanda – *7 minuto*<br>Pag-uulat – *3 minuto* | grupo.<br>2. Ipamahagi sa bawat pangkat ang *task card* upang maging gabay sa kanilang gawain.<br><br>**Mga Pangkat:**<br>#1 – *Bagyong Yolanda, 2013*<br>#2 – *Baha dulot ng Bagyong Ondoy, 2009*<br>#3 – *Landslide sa Cherry Hills Antipolo, 1999*<br>#4 – *Lindol sa Gitnang Luzon, 1990*<br>#5 - *Pagputok ng Bulkang Taal, 2022*<br>**Takdang Oras:**<br>Paghahanda – *10 minuto*<br>Pag-uulat – *5 minuto* | **Si Tipaklong"** at ipapanood sa klase. | *National DepEd* DRRM *Jingle* na **"Laging Handa."**<br><br>Iproseso ang napanood na *video* gamit ang mga *probing & leading questions* upang akayin ang mga mag-aaral tungo sa kahalagahan ng pansariling paghahanda sa kalamidad at ang kabutihang dulot nito. |
| *Pagpapaunlad ng Kaalaman at Kasanayan sa Mahahalagang Pag-unawa/ Susing Ideya* | 1. Matapos mag-ulat at mabigyan ng marka ang bawat pangkat, malayang talakayin ang paksa gamit ang kanilang mga *KaKaSa Chart.* | 1. Matapos mag-ulat at mabigyan ng marka ang bawat pangkat, malayang talakayin ang paksa batay sa kanilang mga *output.*<br>2. Ipakita ang mga larawan nang nasalanta ng bagyo, baha, lindol, landslide at pagputok ng bulkan sa Pilipinas.<br>3. Tumawag ng ilang | 1. Magkaroon ng talakayan tungkol sa pinanood na *video.* Maaaring gamitin ang mga sumusunod na gabay na mga tanong:<br>a. Tungkol saan ang kuwento?<br><br>Inaasahang tugon: Ang kwento ay | 1. Pangkatin ang klase sa apat na grupo.<br>2. Ipamahagi sa bawat pangkat ang *task card* upang maging gabay sa kanilang gawain.<br><br>**Mga Pangkat:**<br>#1 – *Pagliligtas ng Buhay*<br>#2 – *Paglinang ng Kahandaan sa Pagharap sa Panganib* #3 – |



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | mag-aaral na nais magbahagi ng kanilang personal na karanasan sa mga kalamidad.<br>4. Iproseso ang sagot ng mga mag-aaral gamit ang mga *probing* at *leading questions.* Maaaring gamitn ang sumusunod bilang gabay na mga tanong:<br>*a. Anong Nararamdaman mo noong panahon ng kalamidad? Bakit?*<br>*Inaasahang tugon:*<br>✓ *Natakot*<br>✓ *Nalungkot*<br>✓ *Naawa sa mga nasalanta*<br>*b. Anong mahahalagang aral ang iyong natutuhan mula sa iyong karanasan?*<br><br>Inaasahang tugon:<br>*Mahalaga ang pagiging handa sa kalamidad.*<br>*c. Anong paghahanda ang iyong gagawin upang maging handa sa susunod* | tungkol sa pagiging handa sa kalamidad.<br><br>b. Anong ginagawa ni Langgam bago dumating ang malakas na ulan o ang kalamidad?<br><br>Inaasahang tugon: Si Langgam ay nag-iimbak ng pagkain bilang paghahanda sa kalamidad.<br>c. Ano naman ang ginagawa ni Tipaklong bago dumating ang malakas na ulan o ang kalamidad?<br><br>Inaasahang sagot:<br>*Si Tipaklong ay masayang naglalaro.*<br><br>d. Anong naging sitwasyon nina Langgam at Tipaklong sa panahon ng malakas na ulan o ng kalamidad?<br><br>Inaasahang sagot:<br>*Nang dumating ang kalamidad, si Langgam* | *Pagbawas ng Posibleng Pagdurusa ng tao*<br>#4 – *Pagtulong sa Kaligtasan ng Kapwa alinsunod sa mga Tuntunin ng Awtoridad*<br><br>**Takdang Oras**:<br>Paghahanda – *10 minuto*<br>Pagtatanghal – *5 minuto* |



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | *na mga kalamidad?*<br>**Paalala sa guro:**<br>Maaaring gumamit ng ibang mga pamprosesong katanungan depende sa ibinahaging karanasan ng mga mag- aaral. | *ay panatag sa kaniyang bahay dahil siya ay may sapat na pagkain samantalang si Tipaklong ay nagugutom.*<br><br>e. Sino kina Langgam at Tipaklong ang dapat tularan? Pangatuwiranan.<br>Inaasahang sagot:<br>*Si Langgam ang dapat tularan sapagkat tiyak na darating ang kalamidad kaya dapat itong paghandaan.* | |
| *Pagpapalalim ng Kaalaman at Kasanayan sa Mahahalagang Pag-unawa/Susing Ideya* | 1. Maaaring gamitin ang sumusunod na mga tanong upang maiproseso ang gawain:<br>a. *Alin sa mga kalamidad ang sanhi ng acts of nature? (bagyo, lindol at pagputok ng bulkan)*<br>b. *Alin naman sa mga kalamidad ang sanhi ng acts of man? (baha at landslide)*<br>c. *Bilang mag- aaral, anong iyong magagawa upang makabawas sa mga sanhi ng kalamidad?* | 1. Ipasulat sa mga mag-aaral ang nararapat na mga gawain bago, habang, at pagkatapos ng kalamidad.<br>2. Pangkatin ang klase batay sa hanay ng upuan. Magtalaga ng kalamidad sa bawat hanay.<br>● 1st *row* – Bagyo<br>● 2nd *row* – Baha<br>● 3rd *row* –*Landslide*<br>● 4th *row* –Lindol<br>● 5th row- Pagputok ng Bulkan<br>3. Magkaroon ng malayang talakayan tungkol sa | 1. Ayon kay John Quinlan:<br>*"Preparedness is the only way we can combat natural calamities."*<br>2. Ang pagiging handa ang ating tanging pansariling tugon sa pagharap natin sa anumang kalamidad.<br>3. Gamitin ang pabulang **"Si Langgam at Si Tipaklong"** bilang *springboard* sa pagtalakay ng | 1. Matapos mag-ulat at mabigyan ng marka ang bawat pangkat, malayang talakayin ang mga paksa batay sa kanilang mga itinanghal.<br><br>Palalimin at palawigin pa ang talakayan sa pamamagitan ng estratehiyang **Tanong ko, Sagot nila!**<br>**Tanong nila, Sagot ko!**<br>Sagutin ang mga tanong ng bawat isa kaugnay sa aralin. |



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | Inaasahang tugon:<br>✓ *Pakikilahok sa mga proyekto na mangangalaga sa kalikasan tulad ng tree planting activities.*<br>*Pagsasabuhay waste segregation pati na rin ang Reuse, Reduce, Recycle* | paksa batay sa mga sagot ng mag- aaral.<br>4. Bigyang-diin ang kahalagahan ng pagkakaroon ng *Emergency Go Bag.*<br>5. Ang *Emergency Go Bag* ay naglalaman ng mga pangunahing pangangailangan sa panahon ng emergency dulot ng kalamidad | sumusunod:<br>4. Ang pagiging handa sa panahon ng kalamidad ay paraan upang:<br>a. mailigtas ang buhay<br>b. malinang ang kahandaan sa pagharap sa mga panganib<br>c. mabawasan ang posibleng pagdurusa ng tao<br>d. makatulong sa kaligtasan ng kapuwa alinsunod sa mga alituntunin ng mga awtoridad | |
| **Pagkatapos Ituro ang Aralin** | | | | |
| *Paglalapat at Paglalahat* | Ang bagyo, baha, lindol, *landslide* at pagputok ng bulkan ay ilan lamang sa mga kalamidad na karaniwang nararanasan sa ating bansa. Ilan sa mga sanhi nito ay likas kaya't tayo ay walang kontrol dito, subalit may mga sanhing dulot ng taong maaari nating iwasan at isaayos. | Hindi natin maiiwasang maranasan ang mga kalamidad subalit maaari natin itong paghandaan. | *Dapat ay laging handa upang sa kalamidad tayo ay hindi maging kawawa!"*<br>*"Ligtas ang May Alam"* | *Worth it* maging handa! May mga buhay na naililigtas, lalong nagiging handa sa pagharap sa mga panganib, nababawasan ang mga posibleng pagdurusa ng mga tao at nakatutulong sa kaligtasan ng kapuwa. |


Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| *Pagtataya ng Natutuhan* | Pagtataya:<br>Batay sa iyong mga sagot sa mga sitwasyon, kumpletuhin ang mga pangungusap at isulat sa kuwaderno:<br>1. Kapag may *supertyphoon* na paparating, nais kong ___________________’<br>2. Ang masigurado na naka-*fully charge* ang mga *gadget* at ilawan ay mainam na gawain lalo na kapag may babala tungkol sa sama ng panahon dahil________________.<br>3. Ang mga pagsasanay pangkaligtasan katulad ng *earthquake drill* ay isang seryosong bagay sapagkat_____________.<br>4. Kailangan kompleto at hindi *expired* ang mga *emergency kit supplies* sa loob ng tahanan________.<br>Ang *first aid training* para sa akin ay ________. | Ipagawa sa Journal *Notebook*:<br>***Option* 1:**<br>*“Ang aking mga natutuhan mula sa aking mga karanasan sa kalamidad.”*<br><br>***Option* 2:**<br>*“Ang Aking mga natutuhan mula sa karanasan ng iba sa kalamidad.”*<br><br>Sabihing ibabahagi ito sa klase sa susunod na pagkikita. | Ipagawa sa *Journal Notebook*:<br>*“Ang Aking Pansariling Paghahanda sa Pagharap sa Kalamidad”*<br><br>Sabihing ibabahagi ito sa klase sa susunod na pagkikita. | 1. *Ang* bawat pangkat ay magtatanghal ng simulation role play na kanilang inihanda.<br>1. Magbigay ng *feedback* batay sa naging pagtatanghal ng bawat pangkat at bigyan ng iskor gamit ang *rubrics*. |
| *Mga Dagdag na Gawain para sa Paglalapat o para sa* | **Takdang-Aralin**<br>Magsaliksik ang bawat pangkat tungkol sa mga | **Takdang-Aralin**<br>1. Gumuhit ng sampung (10) kinakailangang | **Takdang-Aralin**<br>Gamit ang mga natutuhan sa aralin, | Sagutin ang Lagumang Pagsusulit #6 |


Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| *Remediation (kung nararapat)* | epekto ng sumusunod na kalamidad sa Pilipinas sa tao, kalikasan, at ekonomiya<br><br>**Pangkat 1** - *Bagyong Yolanda, 2013*<br>**Pangkat 2** – *Baha dulot ng Bagyong Ondoy, 2009*<br>**Pangkat 3** – *Landslide sa Cherry Hills Antipolo, 1999*<br>**Pangkat 4** – *Lindol sa Gitnang Luzon, 1990*<br>**Pangkat 5** - *Pagputok ng Bulkang Taal, 2022* | nilalaman ng *Emergency Go Bag* at lagyan ng *label.*<br>2. Sagutin ang mga katangungan sa ibaba:<br>• Ano ang pinakaimportanteng bagay na natutunan mo sa pagbuo ng inyong Emergency Go Bag?<br>• Paano mo napili ang mga *essential items* na ilalagay mo sa iyong *Emergency Go Bag?*<br>• Paano mo plano gamitin ang *iyong Go Emergency Bag* sa panahon ng *emergency?* Mayroon ka bang *specific* na plano o proseso kung paano ito gagamitin? | ang bawat pangkat ay bubuo ng *simulation role play* upang ipakita ang tamang pagtugon sa panahon ng kalamidad. Itatanghal ito sa huling araw ng Aralin 6. Ito ang magsisilbing *performance task* ng aralin.<br>**Pangkat 1** - *Bagyo*<br>**Pangkat 2** – *Baha*<br>**Pangkat 3** – *Landslide*<br>**Pangkat 4** – *Lindol*<br>**Pangkat 5** -*Pagputok ng Bulkan*<br>Ibigay ang *rubric* na gagamiting pamatayan sa pagmamarka ng *simulation role play* upang maging gabay ng mga mag-aaral. | |
| *Mga Tala* | | | | |
| *Repleksiyon* | | | | |


Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph